REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 90-141

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG MALAKING PASASALAMAT ANG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA KAY MGGL. VICTOR D. AGUINALDO, PAMBAYANG MANANANGGOL NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA DAHIL SA KANYANG MATAGUMPAY NA PAGTATANGGOL SA KASONG ANTI-GRAFT NA ISINAMPA NG MGA MAGTITINDA SA ALABANG FLEA MARKET LABAN SA SANGGUNIANG BAYAN.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pag-uukol ng panahon at talino ni Mggl. VICTOR D. AGUINALDO para sa ipagtatagumpay ng pagtatanggol laban sa kasong iniharap sa Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay tunay ngang kapuri-puri;

SAPAGKAT, dahil sa kagalingan ng ginawang pagtatanggol ni Mggl. Aguinaldo ay mabilis na pinawalang sala sa kasong anti-graft ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, dahil sa pagpapawalang sala sa Sangguniang Bayan ay naibalik ang malinis na pangalan ng bawat kagawad nito at lalong nagpakilala at nagpatutoo sa mabuting hangarin ng ginagawa nito para sa kapakanan ng mamamayan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng malaking pasasalamat sa Pambayang Manananggol ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na si Mggl. Victor D. Aguinaldo dahil sa kanyang matagumpay na pagtatanggol sa kasong anti-graft na isinampa ng mga magtitinda sa Alabang Flea Market laban sa Sangguniang Bayan.

PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA sa kanilang pang 98th pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-19 ng Marso, 1990.

PINAGTIBAY :

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

Mggl. RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

INISPONSOR NI KGG. KONSEHAL ROMAN E. NIEFES

**SINANG-AYUNAN** NG BUONG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN